

Chapter One



“Let’s get fired up. Get rough, get tough, get mean! Let’s get fired up and roll right over that team!” Tasha yelled with a toothy smile on her face while doing a front lunge; cheering for their school’s basketball team—the blue rooster. Kapwa nasa magkabilang gilid ng kanyang baywang ang nakakuyom na mga kamay at bahagyang nakatiklop ang kanang tuhod pasulong. Taas-baba ang kanyang dibdib at nagsasayaw ang laylayan ng suot niyang dodger blue, pleated skirt habang nagpa-final pose.

“Tara, Tasha, tapos na ang game. I saw Connor! Nasa courtside siya, nakaupo sa bench,” malapad ang pagkakangising yakag sa kanya ng kaibigang si Dee-Dee matapos ang game at suwerteng nanalo ang basketball team ng universidad nila.

Mabilis na gumapang ang dagitab na nagdadala ng sanlibu’t isang kiliti sa kanyang mga ugat. Na-excite siya sa isiping malalapitan na naman niya ang pinakamagaling na shooting guard ng team, si Connor Gaston.

“Wait lang, Dee!” Ngunit nauna nang tumakbo palayo ang kanyang kaibigan. Sinungkit niya ang pink knapsack bag at tinalunton ang daan patungo

sa kinauupuan ng lalaki. Nakabuntot siya sa likuran ni Dee-Dee. Kumukuti-kutitap ang kanyang mga mata habang naglalaro ang imahe ni Connor sa kanyang balintataw. Nang biglang bumulaga sa bista niya ang isang higanteng asul na manok. Higanteng manok na ang headdress ay kipkip ng may suot sa ilalim ng kilikili nito.

Hyperwhite ang kulay ng mascot guy. May suot itong makapal na salamin. Nababakuran ng metal braces ang mga ngipin na ngayon ay malinaw niyang nakikita dahil laglag ang panga nito habang nakatitig sa kanya—the stereotypical ‘nerd’.

Nahintakutan siya nang mapagtantong wala itong planong umiwas. Masyado nang imposible ang lumiko. Pihadong mabubunggo niya ito!

“Tumabi ka! Tabi!” sigaw niya.



Nanlaki ang mga mata ni Sancho nang makitang palapit nang palapit sa kanya ang leader ng cheering squad, ang napakagandang si Anastasia ‘Tasha’ Anierdes. Her curly hair spiralling out of control as she bounced toward his direction. She looked like a living goddess clad in a cute cheerdancer uniform; white sleeveless top and pleated skirt, lalo pa at nakaawang ang mga labi nito at mukha itong... nagigimbal? Pero bakit? Hindi ba katanggap-tanggap ang ayos niya?

Ano ba sa tingin mo? Nagtanong ka pa! Boy, you

look like a fat-ass chicken! hiyaw ng utak niya.

Awtomatiko ang pag-init ng kanyang buong mukha, subalit hindi na niya iyon napagtuunan ng pansin sapagkat binasag ng boses ni Tasha ang paglalakbay ng kanyang diwa.

“Tumabi ka! Tabi!” sigaw nito.

“H-huh?” Salitan ang panlalaki at panliliit ng mga mata niya. Hindi niya maintindihan kung ano ang ibig ipahayag ng iminumuwestra ng mga kamay nito na tila binubugaw siya palayo.

“Hoy, manok, umalis ka riyan! Mababangga kita!” muling hiyaw ni Tasha.

Saka niya lang naintindihan kung ano ang nais nitong sabihin. Pero huli na. Hindi niya magawang pagalawin ang kanyang mga paa. His feet got nailed to the floor, at ang tanging nakayanan niyang gawin ay ibuka ang mga braso upang hintayin ang pagbagsak ng dalaga sa mga bisig niya.

Mariin niyang ipinikit ang mga mata at wala pang kalahating segundo ay tumilapon na si Sancho sa makintab na sahig, una ang puwit, at dumagan ang bigat ni Tasha sa katawan niya. Umungol ito, ungol na tila nasasaktan kaya humigpit ang pagkakayapos niya sa maliit nitong baywang.

Pilit niyang iniangat ang ulo upang matingnan ang babaeng nakasubsob ang mukha sa dibdib niya.

Sakto namang nag-angat din ito ng mukha. Umalog ang puso niya nang magtama ang kanilang mga paningin at nakita niya kung paanong nagbago ang ekspresyon ng maganda nitong mukha. Mula sa animo'y nasasaktang ekspresyon ay nagsalubong ang mga kilay nito at tumalim ang kislap sa mga mata.

“S’abi ko kanina tumabi ka. Mahirap bang intindihin iyon?” pasuplada nitong asik sa kanya. He flinched as she glared at him. “O, baka naman kasi puro na lang Mathematics ang laman ng utak mo. $X \text{ plus } y, \text{ equals } y$ -am-I-freaking-stupid! Bitiwan mo nga ako!” She stood up carelessly and marched away.



Hindi makagalaw si Sancho. Tila naparalisa ang buo niyang katawan. Hindi dahil sa bigat ng suot niyang asul na higanteng manok na may weird na pangalang *Chikiropi* kundi dahil nasasamyong niya pa rin ang bango ni Tasha. Her fresh and spicy scent kept on tickling the lining of his nose even after she left.

Hindi maalis sa gunita niya ang heavy-lidded nitong mga mata na napapalibutan ng makakapal na pilikmata. She looked simply sexy and alluring. Ramdam niya pa rin ang init mula sa malambot nitong katawan na tila tumagos sa suot nitong cheerdancer uniform.

Sancho wanted to feel the heat of her skin. He wanted to be right next to Tasha. Nababaliw na nga siguro siya, pero sa unang segundo pa lang ng pagkakahulihan ng kanilang mga mata ay sumikdo na kaagad ang puso niya. Aaminin niya, he fell in love with her the very first time he saw her confidently displaying her high V pose and showing off her shining set of teeth, sa halftime ng basketball game.

Sadyang kakaiba lang talaga ang dating sa kanya ni Tasha. She may be wickedly playful, snooty, and had a conceited smile; pero nakapagtataakang gustung-gusto niya pa rin ito kahit na sangkaterbang irap pa ang ipamalas nito sa kanya.

Kahit na kumikirot pa rin ang puwitan ay pinilit niyang gumulong padapa upang tanawin ang dalagang nakikigulo na sa kumpol ng mga estudyanteng nagsisiksikan sa palibot ng magaling na shooting guard.

Oo, mga binatang sikat at kilala sa universidad nila ang tipo ng babae. Hindi ang katulad niyang hindi pansinin. Siya, si Sancho Cunningham, senior student sa pribadong paaralan nila. Twenty-one years old at dalawang taon ang tanda sa dalaga. He's half-Filipino and half-Caucasian. Nag-iisa siyang anak at lahat ng mga kamag-anak nila ay nasa British Columbia, Canada. Si Tasha talaga ang

pangunahing dahilan kung bakit pumasok siyang mascot ng basketball team. He wanted to see her everyday and he couldn't just get enough of her stunning smile.

“Tasha,” mahina niyang sambit sa pangalan nito.

Hindi niya alam kung may mental telepathy siya, subalit bigla na lamang lumingon sa kanya ang babae.

His heart froze thereafter.

“Loser!” she mouthed and rolled her eyes heavenwards.



“Hoy, Tasha! Ano ba talaga ang nangyari at parang puwede nang pagkabitan ng keychain iyang bibig mo? Todo na iyang pagkakasimangot mo, o!” puna ni Dee-Dee, sabay abot sa kanya ng mango lemonade slurpee.

Nandoon si Tasha sa school cafeteria kasama ang dalawa niyang best friends—si Dee-Dee na panay ang taas-baba sa kanang kilay nito na para bang mayroong nilulutong plano, at si Pippa na lubog sa sarili nitong mundo habang walang tigil sa pagdo-doodle sa likod ng notebook nito.

Ang una ay ang taong sadya yatang ipinanganak sa mundo para maging kontrabida. Ang huli ay ang babaeng tila wala namang pakialam sa mundo. At siya... siya ang maarte

at kikay sa kanilang tatlo. Nagkakila-kilala lang sila dahil sa *Pinoy Cosplay Club* na pare-pareho nilang nakahiligan hanggang sa naging matalik na magkakaibigan na silang tatlo.

Padabog niyang kinuha ang slurpee na inabot sa kanya ni Dee-Dee at kaagad na pinangalahati ang laman niyon. Mainit pa rin ang ulo niya dahil sa higanteng manok na sumira sa araw niya.

“Sabihin na lang nating may gusto akong ihawing dorky chicken,” aniyang naningkit pa ang mga mata. Napahiya siya kay Connor at sa harapan ng napakaraming tao dahil sa mukhang ewan na taong suot ang blue rooster mascot, kaya hinding-hindi niya ito mapapatawad.

Napahagigik si Dee-Dee. “Iyong kanina ba? Ikaw kasi, pasara na iyang talukap ng mga mata mo kaya nabubunggo at nadadapa ka na lang bigla-bigla,” anito.

Tiningnan ito ni Tasha nang masama. “Ikaw ba best friend ko o kampi ka d’un sa mukhang engot na lalaking iyon?” pamaldita niyang sikmat sa kaibigan.

“Stop that, girls. Nangyari na ’yon. Tapos na. Kalimutan na lang natin. There’s no point crying over spilled milk,” Pippa interrupted using her usual flat tone.

Naitirik na lamang niya ang mga mata at muling dinala sa mga labi ang hawak na baso ng

slurpee.

“Hi, ladies,” biglang bati ng isang pamilyar na tinig—si Connor! Sa likuran nito ay nakasunod ang apat nitong mga kabarkada.

Napaubo siya at kamuntikan nang madulas sa kinauupuan. “H-hi, Connor,” ganting-bati niya sa binata.

Tinanguan siya nito at bahagya pa itong yumuko upang pisilin ang pisngi niya. Tila kinalmot ng pusa ang bituka ni Tasha dahil sa kilig. Inabot nito ang kamay niya, sabay pisil saka nito ipinatong ang cornflower blue card sa kanyang palad.

“I’m throwing a masquerade ball to celebrate my birthday. *G-Hotel* at eight in the evening. Invited kayong tatlo,” imporma ni Connor, pagkuwan ay kumindat sa kanya. Tumalikod na ito.

“Sampalin n’yo ako, girls!” kinikilig na tili ni Tasha. Nakatanga lang siya sa likod ni Connor, na nasa di-kalayuan na nang mga sandaling iyon, habang mahigpit niyang pisil-pisil ang kamay nina Dee-Dee at Pippa. “Connor invited me to his birthday!”

Itinirik ni Pippa ang mga mata. “Or he may just be inviting every smoking hot girl on his *Instagram*, *Facebook*, *Twitter*, or whatsoever!” nakaismid nitong komento.

Pabiro niyang sinabunutan ang babae. “Ang nega mo! Tulungan n’yo na lang kaya akong

makuha si Connor,” nakabusangot ang mukha niyang reklamo. Kaagad namang kumapit sa braso niya si Dee-Dee.

“Don’t worry, kami ang bahala sa ’yo. May plano na ako!” bulalas nito.



Pagtapak ni Tasha sa function hall ng *G-Hotel* kung saan kasalukuyang idinaraos ang birthday ni Connor ay kaagad siyang namangha sa apat na cream marble columns. Gawa sa salamin ang kisame kung saan nakakabit ang mga decorative lighthive. Sa pinakagitna ay malawak na espasyo kung saan nagsasayaw ang iilang pares ng mga taong nakasuot ng iba’t ibang klase ng maskara. At maayos na nakahilera ang bughaw na mga upuan at mga lamesa sa paligid.

Niyayapos ng gintong *Venziana mask* ang magandang mga mata ni Tasha hanggang sa matangos na tulay ng aristokrata niyang ilong. May asul na diamante ang nasa bandang noo ng maskara. Black lacey one-shoulder top and turquoise green tutu skirt with feathers ang kabuuan niyang getup. Black ankle boots naman ang sapatos niya.

Pinagala niya ang mga mata sa paligid at gumuhit ang malapad na ngiti sa mga labi niya nang mamataan si Connor na tila naiinip na haring nakasandal sa modernfold operable partition ng

function hall. Mabilis niyang ipinikit ang mga mata at pinagsalikop ang mga kamay.

“Lord, one sign please. Bigyan N’yo po ako ng sign na itong lalaking ’to na talaga ang para sa akin,” pabulong niyang dalangin.

Dahan-dahan niyang iminulat ang mga mata, may matamis na ngiti sa labi at nakaharap sa direksyon ni Connor. Ngunit hindi ang binatang pinapantasya ang bumulaga sa kanya kundi may bakal na ngipin at maputlang balat—ang higanteng manok!

No! her mind screeched.



Chapter Two



*G*agapang na muna ako sa anthrax spores infected soil bago kita tanggapin na Prince Charming ko! sigaw ng isipan ni Tasha. Nakapako sa binata ang matalim niyang titig. Labis siyang nainis dito pagkat isa itong pagkalaki-laking malas at gusto niya itong itulak sa cliff.

Then he looked at her. For a moment there, she was caged in his cognac eyes; the color of brandy, warm brown with golden rays in the iris and a few streaks of orange.

Ang ganda ng mga mata niya ngayong wala siyang suot na salamin!

Naghinang ang kanilang mga paningin at may kung ano siyang nakita sa mga matang iyon. The glint in his eyes screamed mystery and it felt like their souls intertwined and lit something inside her chest. Nagrigodon ang puso niya.

*Why the f*ck am I feeling this?* hiyaw ng isipan ni Tasha.

“Hoy! ’Andito ka lang pala. We’ve been looking for you everywhere! Halika na!” agaw ni Dee-Dee sa atensyon niya. Bigla na lamang lumitaw mula kung saan ang babae at kumapit sa kanyang braso.

Napilitan siyang tingnan ito at nang ibalik niya

ang tingin sa direksyon ng lalaki ay wala na ito sa kinatatayuan. Tasha couldn't explain the sudden powerful disappointment that whirled in her veins.

Naloloka na yata ako! sa loob-loob niya.

“Whatever are you looking at, Tasha? Let's go!” Mahigpit na pumulupot ang kamay ni Dee-Dee sa pupulsuhan niya. Dinala siya nito sa ikalawang palapag ng *G-Hotel*. Walang katau-tao sa pasilyo nang mga sandaling iyon. Hinatak siya nito at itinulak papasok sa storage room. Bumulaga sa harapan niya ang mga empty steel shelves at patung-patong na boxes. Sa isang sulok ay lumang mop and bucket. Overall, the room was dark and creepy.

“Wait! Ano 'to, prank? Dee-Dee, sasabunutan kita!” sikmat ni Tasha sa best friend.

Itinapal nito ang hintuturo sa tapat ng bibig niya. “Kalma, okay? Steady ka lang ryan. Hintayin mo rito si Connor at tinitimpla lang ni Pippa ang isang 'yon. Basta pagpasok niya rito, sunggaban mo na kaagad, ha! Huwag ka nang papatay-patay dahil kakalibuhin ko talaga iyang pilikmata mo pag hindi nag-work 'to!”

“Pero bakit dito? I don't like this place. Hindi ba puwedeng maghanap naman kayo ng vacant room kaya?” ingos niya habang umiikot ang paningin sa hindi niya makitang kisame ng storage room.

“Duh! Masyado nang cliché iyang set-up na

iyang. Basta wala nang pero-pero, Hija!” anito, sabay kabig sa pinto pasara.

“But... shit!”

Niyapos si Tasha ng dilim at tanging liwanag mula sa paanan ng pinto na nanggagaling sa labas ang nakikita niya. Ikinurap-kurap niya ang mga mata.

“Hintayin mo rito si Connor...”

Tumimo iyon sa kanyang isipan at saka niya lang uli naalala ang lalaki. Gusto niyang alugin nang malakas ang sarili dahil hindi niya maintindihan kung ano ba talaga ang nangyayari sa kanya.

“Si Connor ang gusto ko. End of story.”



Pumuwesto si Tasha sa isang sulok sa likod ng steel shelf. Isinandal niya ang likod sa malamig na pader saka dumausdos pababa. She pulled her knees toward her chest. Mahabang sandali ang lumipas bago siya nakarinig ng papalapit na mga yabag.

Napatuwid siya ng upo. Natutop niya ang bibig nang umawang ang pinto. Kasabay niyon ay mariin niyang naipikit ang mga mata dahil sa biglang pagkalat ng liwanag. Pagmulat niya ay madilim na uli at sarado na ang pinto, subalit may naririnig siyang marahang paghugot at pagbuga ng hangin sa loob ng silid na iyon.

Si Connor!

Kabadung-kabado siya. She could hear the loud whooshing of blood in her arteries. Tila sasabog iyon pero kailangan niyang gumalaw.

Humugot siya ng malalim na paghinga saka itinulak ang sarili patayo. Hindi niya mawari kung paano siya nakalapit sa lalaki nang hindi nabubuwal, but being only inches away from him felt so intoxicating and his scent was bruising her sane mind.

Idinantay ni Tasha ang kamay sa balikat ng binata. Bigla itong nanigas at marahas na lumingon sa gawi niya. Hindi niya maaninag ang hitsura nito. His face was heavily shadowed.

“Connor...” mahina niyang tawag sa pangalan nito.

Hindi ito sumagot. She could only hear his labored breathing. Pinisil niya ang balikat ng binata at doon lang ito gumalaw. Pumulupot ang braso nito sa baywang niya at pinagdikit nito ang mga noo nila, making the scent of alcohol almost tangible in the air he was breathing out.

Amoy beer pero bakit ang bango-bango pa rin? sa loob-loob niya.

Dapat ay maalarma na si Tasha sa kaalamang nakainom ito, pero tila walang pakialam sa bagay na iyon ang puso at utak niya. Their close facial proximity made her breathless and incapable of

thinking. Nanuyo ang tubig sa sistema niya dahil sa sobrang lapit ng mga katawan nila sa isa't isa.

She inhaled sharply when he bent his head and teased the tip of her ear. He was kissing and electrifying her skin to impossible level. Bumigay ang mga tuhod niya at nagmistula siyang yelong natunaw sa mga bisig ng binata.

He immediately sensed what was going on with her body. Isinandal siya nito sa steel shelf. Kaagad siyang kumapit sa malamig na bakal na nakadikit sa likod niya upang asistihan ang nanghihina niyang mga tuhod habang nakaharap sa lalaking patuloy ang pananaliksik ng bibig sa kanyang leeg, pisngi, at tainga.

His hand slid right under her thigh, grabbed and anchored it excitably to his pelvis. He thrust his hips toward her, whilst his mouth continued on sucking her skin roughly and leaving a tinge of pain. It excited her more and blew her mind into pieces. Hindi pa man nag-iisa ang mga katawan nila ay windang na windang na ang buong sistema ni Tasha.

Naglambitin siya sa leeg nito at kusang nanalakay ang mga labi niya sa bibig nito. She kissed him and he kissed her back, pulling her hair back to give him better access to her lips. Tinanggal nito ang maskara niya at walang ingat na tinapon sa paanan nila pagkatapos ay muli siyang hinagkan.

Tasha's body was already pulsating intensely. Pakiramdam niya ay dinapuan siya ng forty-degree Celsius na lagnat. She was, by now, convulsing in pleasure.

“Connor!” ungol niya.

Natigilan ang lalaki. Saglit itong hindi gumalaw at tila may kung anong iniisip. Kapagkuwa'y inilayo nito ang katawan sa kanya kasabay ng sunud-sunod na pagbuga ng hangin. Naalarma siya at mabilis itong muling hinila padikit sa katawan niya.

“Please don't go...” samo niya.

“But I'm not Connor,” derecho nitong hayag.

Tasha felt like blood left her face. Hindi siya makagalaw sa sinabing iyon ng lalaki. Kung hindi ito si Connor, sino ito? Ngunit hindi na siya nabigyan ng pagkakataong tanungin ang estranghero pagkat walang babalang bumukas ang pinto. Kumalat ang liwanag sa loob ng storage room at sunud-sunod na tumambad sa paningin niya ang mukha ng mga kaibigan na parehong laglag ang panga. Naroon din si Connor at ang buong basketball team.

“What the heck is the meaning of this, Tasha? Paki-explain, please!” dilat na dilat ang mga matang usisa sa kanya ni Dee-Dee.

“Ikaw at... siya, may relasyon? Type mo pala si Sancho?” Connor asked with a tinge of disgust in his voice. Palipat-lipat ang tingin nito sa kanila ng

lalaking kasama niya.

Hindi kayang tapunan ng tingin ni Tasha ang kayakap. Pulang-pula ang kanyang mukha at parang mawawasak ang utak niya sa sobrang kahihyan.

Sunud-sunod ang ginawang pagtikhim ni Pippa, kaya nabaling dito ang atensyon niya. Inginuso nito ang paa niya at natilihan siya nang mapunang nakayapos pa rin sa baywang ng lalaki ang binti niya. Itinulak niya ito palayo at doon niya lang nakita nang maayos ang mukha nito. Kasabay niyon ay napuna niyang nakatutok sa kanila ang videocam na hawak ng isang player. Nawalan ng kulay ang kanyang mukha at nanlamig ang buo niyang katawan.



Hilam na sa pinaghalong luha at sipon ang mukha ni Tasha, pero walang ampat pa rin ang pag-iyak niya. She sat like a fetus with her legs curled up to her chest. Maraming bakanteng lote sa kanilang subdivision at naroon siya sa kanyang favorite spot.

Nakaupo siya sa lumang boulder bench sa ilalim ng puno ng aratiles habang tagusan ang tingin sa hawak na cellular phone kung saan paulit-ulit na nagpe-play ang video nilang dalawa ni Sancho na kuha noong kasama niya ito sa loob ng storage room sa hindi kaiga-igayang sitwasyon. There

wasn't much to see, really. Magkadikit lang ang mga katawan nila ng binata. Gusot ang buhok at mga damit nila. Iyon lang. Subalit alam niyang higit pa roon ang maaaring isipin ng mga tao.

Hindi iyon maganda sa pakiramdam at mahapdi ang tama niyon sa kanyang pagkatao. Nanliit siya sa sarili lalo na't nanggaling pa ang kopya sa ama niya pagkat inaanak nito sa binyag ang player na kumuha ng video. Hindi sinasadyang nakita iyon ng ama ng lalaki minsang mapagdiskitahan nitong manood ng mga videos na na-record sa videocam.

Nagkataong hindi pa nabura ang video nina Tasha at Sancho. Ipinaalam nito kaagad sa daddy niya ang tungkol sa bagay na iyon bilang magkumpare ang dalawa. Dahil doon ay hindi birong galit ang inani niya mula sa kanyang mga magulang na ngayon ay hindi siya halos kibuin.

“Wake up, Tasha, wake up! This is not happening. I don't even know that guy!” tangis niya.

Totoo iyon, hindi niya kilala ang binata. Ni hindi niya alam kung ano ang pangalan nito. Narinig niya lang na tinawag itong ‘Sancho’ ni Connor. Pero iyon lang ang tanging alam niya rito bukod sa pagiging mascot nito.

Inis niyang pinahid ang luhang naglandas sa magkabilang pisngi niya at saka isinubsob ang mukha sa tuhod. Tila mabibiyak ang ulo niya sa

kaiisip kung paano reresolbahin ang problema.

“I wish I could kill him with my bare hands!”
nanggigigil niyang tili.

“You hate me that much?” anang pamilyar na tinig. She hated that voice.

Pag-angat ng ulo ni Tasha ay nakahanda na ang mukha niyang puwede nang sumabak sa giyera. Walang ingat na tumayo siya at ubod-lakas niyang itinulak ang lalaking siyang nagdadala ng kamalasan sa buhay niya.

“Hoy, manok, ano’ng ginagawa mo rito? P’ano ka nakapasok dito sa subdivision namin? Hindi mo ba talaga ako tatantanan?” singhal niya rito habang paulit-ulit itong itinutulak. Panay naman ang hakbang nito paatras, ngunit wala itong ginagawang aksyon para pahintuin siya sa ginagawa niyang pananakit dito. Nakatungo lang ito at laglag ang mga balikat.

“Hoy, magsalita ka! Pipi ka ba? O nagpapanggap lang na pipi? You’re such a f*cking good actor, jerk!” she blurted out fiercely.

Nag-angat ng mukha si Sancho. Sinalubong nito ang nagliliyab sa galit niyang mga mata. Gusto niyang umatras sa nakita. Ang intensidad na nakapaloob sa mga mata nito ay nagpapahina sa disposisyon niya.

“I... I got a little drunk last night. Napagtripan ako ni Connor at ng mga kabarkada niya. Pinainom

nila ako saka ikinulong sa storage room. I'm sorry, I didn't know you were there. Hindi ko sinasadya iyon..."

"Hindi mo sinasadyang umarte? Or gusto mo lang talagang umi-score, kaya nag-enjoy ka munang halikan at hawakan ako bago mo sinabing hindi ka si Connor!"

"That's not true!"

"You enjoyed it, didn't you? Hah! Wala na akong mukhang maiharap sa mga tao, thanks to you!" Napahagulhol si Tasha.

Gumuhit ang labis na pagkabahala sa mukha ni Sancho. "Oh God, Tasha, patawarin mo ako. Aayusin ko ang lahat ng ito. I'm going to make things right for you," sinsero nitong saad.

"Paano? Ikaw nga ang root cause ng lahat ng ito! At bakit kita pagkakatiwalaan? I don't even know your f*cking name."

Sancho sighed, his hands dropped to his sides. "I know. At gusto kong magpakilala sa 'yo ngayon. I'm Sancho Cunningham, two years your senior and—"

"And enough! I'm not really interested. Mas interesado akong alamin kung ano ang puwede mong gawin para ayusin ang problemang 'to."

"I will marry you."

"Marry you? Nababaliw ka na ba? Pikutin mo na muna ako bago ako umoo sa walang

kabuluhang proposisyon mong iyan,” maigting niyang pagkontra.



Chapter Three



Ang katagang *pikot* ang unang lumutang sa isipan ni Sancho nang mamataan ang asawang si Tasha na nakatayo sa terrace. Nakatukod ang magkabila nitong palad sa barandilya habang tagusan ang tingin sa itim na kalangitan. Inabot na sila ng dilim sa paghahakot ng mga gamit. Katunayan ay isang libo't isang beses na siyang naglalabas-masok sa bago nilang bahay upang ipanhik sa loob ang nakakahon pa nilang mga kagamitan at nag-aalala na siya sapagkat hindi umaalis sa kinatatayuan si Tasha. She had been standing on the same spot, not even moving a finger, for almost an hour now. Malayung-malayo ang tingin nito at mukha itong malungkot.

Isang buwan matapos ang eskandalong nangyari ay idinaos ang kasal nila. Kinausap o mas tamang sabihing pilit niyang kinumbinsi ang mga magulang ni Tasha na dapat silang ikasal ng dalagatotal naman ay pareho na silang nasa legal na edad at para na rin linisin ang lamat na kumapit sa pangalang Anierdes.

Hindi nahirapang hikayatin ni Sancho ang mga ito sa gusto niyang mangyari lalo na't paniwalang-paniwala ang dalawang matanda na higit pa sa

pagahalikan at pagyayakapan ang nangyari sa loob ng mahiwagang 'storage room'. Paniniwalang ni minsan ay hindi niya itinama. Hinayaan niyang iyon ang isipin ng mga ito para matuloy ang kasal.

Matindi ang naging pagtutol ni Tasha sa ideyang binuo niya at sinang-ayunan naman ng mga magulang nito. Sa huli ay nanaig ang kagustuhan ng mga magulang nito at napilitan itong pakasal sa kanya.

Mula noon ay wala na siyang may narinig mula sa asawa. Tahimik lang si Tasha at hindi kumikibo. Gone were the conceited smiles and the playful look on her face. Hindi na niya mahanap ang bibo, kikay at matapang na babaeng una niyang nakilala.

Inilapag niya ang kipkip na kahon sa ibabaw ng single-seater sofa at tahimik na lumapit sa kanyang asawa. Nagkasya lang siyang tumayo sa likuran nito habang pinupuno ng hangin ang baga.

Napakislot pa siya nang bigla itong magsalita.

“What are you doing, Sancho?” tanong nito, hindi pinuputol ang pakikipagtitigan sa kalangitan.

“A-ah, wala... baka 'ika ko may kailangan ka, sabihin mo lang...”

Huminga nang malalim si Tasha. “Sana naging ibon na lang ako, para walang sinuman ang huhusga sa akin,” anito habang pinagmamasdan ang mga ibong nagliliparan sa himpapawid. “I would fly high, free and happy. And I wouldn't be

here, in this... in this... crate.”

“Tasha...” Tila itinulak sa brick wall ang puso ni Sancho dahil sa nakikita niyang paghihirap ng kalooban ng kanyang asawa. Inabot niya ang kamay nito at pinisil iyon. “Alam nating pareho na hindi maganda ang rason kung bakit magkasama tayo ngayon. But you’re my wife now. And I promise you, gagawin ko ang lahat para maging masaya ka sa piling ko.”

Matamlay itong tumango saka disimuladong binawi ang kamay nitong hawak niya. “Gusto ko nang magpahinga. Good night, Sancho.” Pagkasabi niyon ay nilampasan na siya nito at dere-derecho na ito sa silid nila.

His heart felt heavy. *I’m so sorry...*



Panay ang lunok ni Sancho habang nakatayo sa labas ng silid nilang mag-asawa. Unang gabi nila ni Tasha at tila binabarena ang puso niya sa sobrang nerbyos. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin o gagawin.

“Tash, kasal na tayo. Asawa na kita and I guess I should, or we should... ah, shit!” Natampal niya ang noo. It sounded stupid and lame. “Tash, this is our first night and I’ll make this really, really special, I promise... oh, holy goddess!” Nalukot ang ilong niya. “Ang pangit pakinggan,” sikmat niya sa sarili. “Bahala na.”

Pipihitin na lang niya ang seradura nang biglang bumukas ang pinto at tumambad sa harapan niya ang asawa. She wore this tiny nightdress, showing her assets—overstressing the swell of her breasts and the curve of her waist.

Automatically, visions of himself touching the softness of Tasha's breasts and enveloping his hands around her incredibly tiny waist filled his mind. Napalunok siya at pinahid ang malamig na pawis na namuo sa kanyang noo.

“Hoy, nakikinig ka ba?” untag sa kanya ng babae.

“Ah, no. Sorry, you were saying something?”

“We are *not* sharing one bed. Diyan ka sa labas, dito ako sa kuwarto.” Pagkasabi niyon ay isinalpak nito ang hawak na unan at kumot sa dibdib niya saka mabilis na isinara ang pinto.

Napailing na lang si Sancho. “Good night, Tashang. Sweet dreams,” aniya, may maliit na ngiti sa labi.

Wala siyang makapang panghihinayang o pagtatampo sa dibdib. Kontento na siya sa kung ano lang ang kayang ibigay sa kanya ni Tasha. He loved her so much and the fact that she was his wife was more than enough reason to make him the happiest man alive.



Naudlot ang akmanang pagpasok ni Tasha

patungong kusina nang mahagip ng mga mata niya ang asawang himbing na natutulog sa couch. Sa tangkad nito ay hirap itong pagkasyahin ang sarili sa pahabang upuan. Nakatihaya ito at nakalaylay lang ang magkabilang paa sa armrest. His arms were stretched to his head, kaya naman malaya niyang napagmasdan ang nakahantad nitong katawan dahil sa wala itong suot na t-shirt at ang kumot nito ay naipon na sa bandang baywang. Hindi matipuno ang pangangatawan nito, subalit hindi naman ito patpatin.

Napalunok siya. *Mukhang gusto kong pagsisihan ang pasya ko kagabi, ah...*

Nahimas niya ang nanuyong lalamunan lalo na't bumalik sa isipan niya ang init na ipinadama nito sa kanya sa loob ng storage room—ang init ng palad nitong nakadikit sa hita niya, ang pagsimsim ng mga labi nito sa balat niya at ang mainit na pagtibok ng kanyang katawan.

Ipinilig niya ang ulo. *Ano ba itong nangyayari sa akin? Nakulam yata ako ng lalaking ito.*

“Tash?” Nagmulat ito ng mga mata at sunud-sunod pang kinurap iyon bago mabilis na hinagilap ang eyeglasses at isinuot, saka tinapunan ng tingin ang wall clock. Alas cinco pa lamang ng umaga. “Ang aga mo ’atang nagising. May gagawin ka ba?” takang tanong ni Sancho saka umusod pasandal sa armrest at pinakatitigan siya na para bang

aparisyon lang siya para rito.

“Growling tummy,” payak niyang tugon.

Lumarawan ang pag-aalala sa mukha nito. “Oh, if that’s the case, I’ll make you breakfast. Maupo ka muna.” Maliksi itong tumayo.

Napako na naman ang mga mata ni Tasha sa naka-expose nitong katawan; he had peaches-and-cream skin. And she found him sexy!

Heck!

Nang muli niyang titigan ang lalaki ay may suot na itong plain white t-shirt na pinatungan nito ng baby blue apron. Nagsimula itong maghanda ng almusal. He looked adorable and refreshing. Gusto niyang mangalumbaba na lang at panoorin ito habang paroo’t parito at animo aliw na aliw sa ginagawa.

Mayamaya lang ay magkaharap na sila sa lamesa at sabay na kumakain. Ilang beses siyang sumubok na iangat ang mukha at tingnan ang asawa, pero hindi niya magawa. Nang sa wakas ay nakuha niyang mag-angat ng tingin ay nagkahulihan naman kaagad ang mga mata nila.

She looked away and wanted to kick her ass for acting like a blushing wife.

Why am I acting and feeling weird? sa loob-loob niya.

Naiinis si Tasha sa sarili dahil tila nagugustuhan na niya ang bagong titulo bilang Mrs. Anastasia

Cunningham—and she didn't like it. Not one bit, o hindi nga ba? Nagtatalo ang puso at isip niya.

She let out an annoyed sigh and stood up carelessly. "Excuse me. Gusto kong maglakad-lakad," aniya at umalis na bago pa man makuhang sumagot ni Sancho.



Tutop ni Tasha ang dibdib nang marating niya ang likod-bahay. The bluegrass garden welcomed her sight. Tumambad sa kanya ang magagandang hanging planters na nakakabit sa katawan ng fixed-frame awning. Sa isang sulok ay may malaking garden boulder na napapalibutan ng makukulay na bulaklak. At nakahilera ang iba't ibang klase ng halaman sa gilid ng pader.

Kung naiba-iba lang ang sitwasyon, tiyak na abot-tainga na ang ngiti ni Tasha habang nakahimlay sa damuhan at nakikipagtitigan sa mga ulap. Kaso iba ang kaso niya ngayon. She felt suffocated. Naiinis siya sa kakaibang damdaming pinupukaw ni Sancho sa loob-loob niya sa tuwing magkasama sila. Napabuntong-hininga siya at pilit na itinaboy ang imahe ng asawa na hindi maalisis sa kanyang gunita.

Am I starting to like him?

Sunud-sunod ang ginawa niyang pag-iling. Everything got out of her grasp the day she saw him. At natatakot siya sa kung ano pa

ang puwedeng dalhin ng lalaki sa buhay niya. Mayamaya ay naramdaman niya ang magaang patak ng tubig-ulan sa mainit niyang balat. Napayuko siya at isinubsob ang mukha sa mga palad. She let the cold water kiss her skin.

And then it stopped raining.

Or so she thought. Dahil nang iangat niya ang mukha ay nakita niyang may payong nang pumoprotekta sa kanya laban sa ulan. And standing beside her was the man who was bugging her mind these past few days, at hawak nito ang payong.

“You’re too pretty to get sick, Tashang,” anito.

Pakiramdam niya ay na-trap ang hangin sa loob ng kanyang lalamunan at lumaktaw ng isang tibok ang puso niya dahil sa paraan ng pagpapaikli ni Sancho sa kanyang pangalan... *Tashang*. Ang bantot naman pakinggan pero bakit kinikilig siya?

She shook off the feeling. “Ano ba ang pakialam mo? FYI, I’m *Superman*’s cousin. Virus won’t get through me that easy. Mind your own business, okay?” pasuplada niyang sikmat dito.

“Yeah, tell me more. Tara na sa loob. Malamig dito at nangangatal ka na.”

Nagulat siya na imbis makipag-argumento sa kanya ay buong ingat lang na hinawakan ni Sancho ang kamay niya at inakay siya papasok ng bahay. Naitirik na lamang niya ang mga mata.

“Oh, God, you’re a saint reincarnated,” she

mumbled, pouting her lips.

Tipid na ngiti ang tugon nito. Iginiya siya nito paupo sa sofa. She looked up at him and her eyes met his. He had a pair of sultry eyes and it was burning something deep inside her. Gusto niyang manginig nang bumaba ang mga mata nito sa mga labi niya. Bumigat ang talukap ng kanyang mga mata, and she wanted to close her eyes and wish that he would kiss her.

Subalit nang bumaba ang mukha nito sa mukha niya ay bigla siyang natauhan.

*What the f*ck was I thinking?*



Itinulak ni Tasha palayo ang asawa at umayos ng upo. Natutop niya ang tapat ng dibdib pagkat kumakabog iyon at pakiwari niya ay sasabog. Bakit ba sobra siyang naapektuhan kada magkakalapit ang mga katawan nila? Sobra siyang naguguluhan at naiinis dahil hindi niya maintindihan ang sarili.

Sancho exhaled roughly. “Sorry if I tried to kiss you. Hindi ko lang kasi mapigilan ang sarili ko. Sa tuwing namamasdan ko ang mga labi mo, naaalala ko ang tamis at ang lasa, and I could not resist. I’m sorry, Tashang,” paliwanag nito.

Naitakip niya ang magkabilang palad sa tainga. “Stop calling me ‘Tashang’, okay? Hindi ko gusto. Ang pangit pakinggan at sobrang nakakairita!” nakatikwas ang kilay niyang sita.

“Pasensya na—”

Napatingin siya sa kisame. “Hindi pa ba ubos ’yang pinagkukuhanan mo ng ‘sorry’? Tama na, Sancho, please!”

Napabuntong-hininga ito. “It’s just that...”

Marahas na ibinaling niya ang ulo upang tumingin sa kausap. “Ano! Na hindi mo makalimutan ang paraan ng paghalik ko sa ’yo? Na hindi mo makalimutan ang pagkakamaling iyon? Sabagay, ang halik naman ay para ring pagkain na kapag sobra na ay nakakaumay din. Kaya sige, pagbibigyan kita hanggang sa maumay ka!” Hinablot niya ang neckline ng t-shirt nito at idiniin ang mga labi sa bibig nito.

Napamulagat si Sancho at hindi nito makuhang gumalaw.

“Ano ba! Uupo ka na lang ba riyon? Kissing is not a single-serving form, Sancho, kaya tumugon ka. Kiss me back!” sikmat niya sa lalaki bago muling pinatakan ng halik ang mapula nitong mga labi.

He grabbed her waist. Kasabay niyon ay ginantihan nito ang marahas na paraan niya ng paghalik dito. Ito naman ang gusto niya, di ba? Ngunit bakit tila nababahag ngayon ang buntot niya?

Itinulak ni Tasha palayo ang asawa. Pumagitan ang ilang pulgadang distansya sa kanilang dalawa

habang pareho nilang habol ang kanilang paghinga.

Gumuhit ang isang mapanglaw na ngiti sa mga labi ng lalaki. Hindi iyon umabot sa mga mata nito. “Ito ba ang gusto mo, Anastasia? Yes, you want this. Gusto mong tugunin ko ang mga halik mo sa paraang gusto mo. Don’t worry, hindi ako magso-sorry sa puntong ito. You hate those words. At isa pa, pareho nating gusto ito.”

Pagkasabi niyon ay tumayo na si Sancho at tumalikod. Akmang aalis na ito nang hawakan niya ang kamay ng asawa. Naiinis siya rito. Nagagalit. Dahil kahit na itanggi pa niya sa sarili, alam niyang tama ito—they both liked the kiss. Kahit na marahas iyon.

“Don’t leave.”

“Pag hindi mo binitiwang ang kamay ko, hahalikan kita uli,” babala nitong hindi tumitingin sa kanya.

The thought of him kissing her again was delivering electrical energy to Tasha’s spine. Ipinulupot niya ang mga kamay paikot sa baywang nito at niyapos ito mula sa likuran.

Naguguluhan siya pero kahit isang beses lang... kahit ngayon lang, pagbibigyan niya ang sarili sa gusto nito para matapos na ang kahibangang nangyayari sa sistema niya.

“Kiss me again, Sancho. This time, I want it slow and gentle. Puno ng pag-iingat at takot na

baka masaktan ako.”

Tumaas-baba ang dibdib nito bago pumihit paharap sa kanya. Sinalubong niya ang mga mata ng lalaki. “Hindi ako kokontra sa gusto mong mangyari. Dahil kagaya ng s’abi ko sa ’yo kanina, gusto natin ’to. Gusto mo at gusto ko. At gusto kong halikan ka pa...” He cupped her face and his mouth took her bottom lip.

Iniangkla niya ang kamay paikot sa leeg ng kanyang asawa habang palalim nang palalim ang halik. His tongue was deep inside her mouth, moving back and forth. Malakas ang sensasyong sumisipa sa ibabang parte ng kanyang katawan at natatakot siya sa sensasyong iyon, subalit wala na siyang planong umatras.

She moaned and purred like a cat. “Kiss me more, Sancho. More...”

Binuhat siya nito.

“Yes, I’ll give you more.”

